



MGA TAGUBILIN

J05928

2018-10-01



BOOM! AUDIO STAGE II SADDLEBAG SPEAKER KIT

PANGKALAHATAN

Inirerekomenda ang pagkakabit ng isang dealer.

Numero ng Kit

76000319B

Mga Modelo

Para sa impormasyon ukol sa fitment ng modelo, tingnan ang retail na katalogo ng P&A o ang seksyon ng Mga Piyesa at Accessory ng www.harley-davidson.com (Ingles lamang).

Mga Kinakailangan sa Pagkakabit

Amplifier Kit (piyesa bilang 76000277B).

Kit ng Pagkakabit ng Amplifier (piyesa bilang 76000745 o 76000584). Kabilang sa mga kit na ito ang lahat ng bracket, wiring, hardware at mga tagubilin sa pagkakabit para sa mga kit na ito.

Kinakailangang ikabit ang Amplifier Kit at Kit ng Pagkakabit bago ang pagkakabit ng Saddlebag Speaker Kit. Kailangan munang ikabit ang amplifier bago mai-load ang EQ.

Ang mga speaker na ito ay para sa paggamit LAMANG sa **2014 at mas bagong** Harley-Davidson na mga audio system. Ang paggamit ng mga speaker na ito sa **2006-2013** Harley-Davidson na mga audio system **ay permanenteng makakasira sa mga speaker na ito**. Ang paggamit ng mga speaker na ito sa **2005 o naunang** Harley-Davidson na mga audio system **ay permanenteng makakasira sa mga system na iyon**.

TALA

HUWAG pagsamahin ang Stage I at Stage II na mga speaker sa parehong sasakyan.

PAUNAWA

Ang Radio EQ ay **DAPAT** i-update ng isang Harley-Davidson dealer **BAGO** paandarin ang audio system. Ang pagpapaandar ng audio system bago ang pag-update ng radio EQ ay **AGAD** na makapipinsala sa mga speaker. (00645d)

Magagawa lang ang pag-update ng Radio EQ gamit ang Digital Technician[®] II diagnostic tool sa mga awtorisadong dealer ng Harley-Davidson. Ang kasangkapang ito ay:

- Kinakailangan **bagong** ang PAGPAPAGANA ng audio system.
- Inirerekomenda **bagong** ang PAGKAKABIT ng speaker.

▲ BABALA

Ang kaligtasan ng nagmamaneho at pasahero ay nakasalalay sa tamang pag-i-install ng kit na ito. Gamitin ang naaangkop na mga pamamaraan sa manwal ng serbisyo. Kung ang pamamaraan ay hindi abot ng iyong kakayahan o wala kang mga angkop na kasangkapan, ipagawa sa isang dealer ng Harley-Davidson ang pag-i-install. Ang maling pag-i-install ng kit na ito ay maaaring magresulta sa kamatayan o malubhang pinsala. (00333b)

TALA

Tumutukoy sa impormasyon sa manwal ng serbisyo ang pahina ng tagubilin na ito. Ang manwal ng serbisyo para sa taon/modelo na ito ng motorsiklo ay kinakailangan para sa pagkakabit na ito. Mayroong isa na makukuha mula sa dealer ng Harley-Davidson.

Overload sa Kuryente

▲ BABALA

Kapag nag-i-install ng anumang de-kuryenteng accessory, tiyaking hindi lalampas sa maximum na rating ng amperage ng fuse o circuit breaker na nagpoprotekta sa naapektuhang circuit na binabago. Ang paglampas sa maximum na amperage ay maaaring humantong sa mga pagpalyang elektrikal, na maaaring magresulta sa kamatayan o malubhang pinsala. (00310a)

PAUNAWA

Posibleng ma-overload ang charging system ng iyong sasakyan sa pamamagitan ng pagdaragdag ng napakaraming de-kuryenteng accessory. Kung ang pinagsamang de-kuryenteng accessory na gumagana nang sabay-sabay ay kumokonsumo ng higit pa sa kuryenteng kayang likhain ng charging system ng sasakyan, maaaring madiskarga ng pagkonsumo ng kuryente ang baterya at magdulot ng pinsala sa sistemang elektrikal ng sasakyan. (00211d)

Nangangailangan ang amplifier na ito ang hanggang **8 amp** ng dagdag na current mula sa sistemang elektrikal.

Ang pagbili ng kit na ito ay nagbibigay karapatan sa iyo sa isang espesyal na ginawang software para sa sound equalization na ginagamit kasama ng Advanced Audio System. Ang natatanging equalization na ito ay dinisenyo upang ma-optimize ang performance at sound response ng mga ibabang speaker ng BOOM! Audio fairing. Kung ang kit na ito ay hindi ikinabit ng isang dealer ng Harley Davidson, makukuha ang espesyal na equalization software na ito nang walang bayad sa anumang dealer sa pamamagitan ng Digital Technician II. Maaaring ilapat ang mga presyo ng dealer sa labor para sa proseso ng pag-upgrade.

Mga Nilalaman ng Kit

Tingnan ang Figure 3 at Talahanayan 1 .

PAGKAKABIT

1. Tingnan ang manwal ng serbisyo. Tanggalin ang fuse.

TALA

Dapat mapinturahan ang mga takip ng saddlebag na wala pang pintura bago ang pagkakabit ng speaker.

2. Ikabit ang **napinturahang** mga takip ng Boom! saddlebag ayon sa mga tagubilin sa kit na **iyon** .
3. Tingnan ang Figure 1 . Iposisyon ang mas maliit na tweeter speaker (3) nang nakaharap sa likod ng saddlebag tulad ng ipinapakita.

4. Ikabit nang mabuti ang speaker (1) gamit ang apat na mahahabang turnilyo (2). Halinhinang higpitan ang mga turnilyo. Higpitan.

Torque: 25,4–38,1 N·m (10–15 **in-lbs**) **TORX** head screw




Figure 1. Oryentasyon ng Speaker

5. Tingnan ang Figure 2 . Ikabit ang mga gomang washer (1) sa grille mount well (2).
 6. Ilagay sa posisyon ang speaker grille (4) sa ibabaw ng mukha ng speaker.
 7. Ikabit nang mabuti gamit ang apat na maiikling turnilyo (3). Halinhinang higpitan ang mga turnilyo. Higpitan.
- Torque: 25,4–38,1 N·m (10–15 **in-lbs**) **TORX** head screw
8. Ulitin ang mga hakbang para sa takip sa saddlebag sa kabilang panig.




Figure 2. Pagkakabit ng Grille

KONEKSYON

1. Ikonekta ang parehong two-way audio connector mula sa amplifier harness sa mid-range/tweeter connection at sa woofer connection sa ilalim ng speaker. Walang kapareha ang mga konektor at sa iisang paraan lang nagkakasya.
2. Magdagdag ng mga strap ng kable at wire retainer mula sa Kit ng Pagkakabit ng Amplifier upang mapanatili ang harness sa loob ng saddlebag kung kinakailangan.

PAGKUMPLETO

TALA

*Upang maiwasan ang posibleng pagkasira ng sound system, tiyakin na naka-OFF ang ignisyon **bago** ikabit ang pangunahing fuse.*

PAUNAWA

Ang Radio EQ ay **DAPAT** i-update ng isang Harley-Davidson dealer **BAGO** paandarin ang audio system. Ang pagpapaandar ng audio system bago ang pag-update ng radio EQ ay **AGAD** na makapipinsala sa mga speaker. (00645d)

1. Tingnan ang manwal ng serbisyo. Ikabit ang pangunahing fuse.
2. Ipa-update ang Radio EQ sa isang dealer ng Harley-Davidson gamit ang Digital Technician II.
3. I-ON ang ignisyon ngunit huwag paandarin ang makina ng motorsiklo.
4. Sumangguni sa seksyon ng BOOM! BOX INFOTAINMENT SYSTEM sa manwal ng may-ari. I-ON ang radyo. Tiyakin na gumagana ang mga speaker at tama ang paggana ng fader function sa harap/likod. Kung hindi, suriin ang wiring ng speaker.
5. Tingnan ang manwal ng serbisyo. Ikabit ang upuan. Pagkatapos ikabit ang upuan, hatakin pataas ang upuan upang matiyak na nakakabit ito nang mabuti.

HABANG GINAGAMIT

Iwasang direktang makontak ng pressure washer ang mga speaker grille. Maaaring masira ang mga speaker.

Maaaring may maipon na kaunting tubig sa mga butas ng speaker sa pana-panahon kapag nakaparada sa labas. Ang mga speaker sa saddlebag ay weather-proof o ginawa upang hindi masira sa ilalim ng anumang panahon, at matutuyo rin ang tubig dahil sa init mula sa paggana ng speaker. Maaaring magkaroon ng pansamantalang epekto ang tubig sa kalidad ng tunog. Upang maalís ang mga naipong tubig sa mga butas ng speaker, buksan ang takip ng saddlebag.

MGA PAMALIT NA PIYESA




Figure 3. Mga Pamalit na Piyesa, Boom! Audio Stage II Saddlebag Speaker Kit

Talahanayan 1. Mga Pamalit na Piyesa

Item	Paglalarawan (Dami)	Numero ng Piyesa
1	Speaker assembly (2) (kasama ang item 2)	76000333A
2	• Gasket/Sapatilya	Hindi ipinagbibili nang hiwalay
3	Speaker grille (kaliwa)	76000417
4	Speaker grille (kanan)	76000418
5	Turnilyo, TORX head, #8-18 x 1.25 in (8)	10200095
6	Turnilyo, TORX head, #8-18 x 0.75 in (8)	10200012
7	Goma na washer (8)	10300066